# 10-DAY LEAVE para sa VAWC VICTIM-SURVIVORS


IACVAWC

QUESTIONS AND ANSWERS



## 1 Ano ang ten-day VAWC leave?

Ito ay entitlement sa sampung (10) araw na leave para sa babaeng empleyado na victim-survivor ng Violence Against Women and their Children o VAWC. Makakakuha pa rin ng kumpletong sweldo at allowance ang nag-avail ng 10-day leave. Ang leave na ito ay ginagamit para sa pag-aasikaso sa pagpapagamot o sa mga legal matters. Ang 10-day leave ay karagdagan pa sa ibang paid leaves ayon sa Labor Code at Civil Service Rules and Regulations (RA 9262, Sec. 43).



## Ano ang legal na basehan sa leave benefit? 2


Ang 10-day leave ay nakapaloob sa Section 43 ng Republic Act 9262 o Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004, at sa Section 42 ng Implementing Rules and Regulations nito.

Nasasaklaw din ang mga kawani ng pamahalaan ng CSC Resolution No. 05-1206 na nilagdaan noong August 26, 2005. Ito ang "Guidelines on the Availment of the 10-Day Leave Under RA 9262."

## Sinu-sino ang maaring mag-avail ng 10-day leave? 3

Ang mga babaeng empleyado na victim-survivor ng VAWC sa pribado at pampublikong tanggapan, anuman ang katayuan ng kanyang employment, ay may karapatang mag-avail ng 10-day leave ayon sa RA 9262.

## 4 Paano mag-avail ng leave na ito?



For private employees, ipakita ang mga sumusunod:
- Certification mula sa Punong Barangay or Kagawad, Prosecutor o Clerk of Court na may naka-hain na reklamo ng RA 9262

For government employees, ipakita ang mga sumusunod:
- Accomplished leave form (ilagay ang "RA 9262" sa form)
- Attach any of the following to the form:
  - Barangay protection order
  - Temporary or permanent protection order mula sa korte
  - Certification mula sa Punong Barangay o Kagawad, Prosecutor or Clerk of Court na may nakahain na request for Protection Order ang empleyado

Maari ding i-present ang mga sumusunod, pero subject to discretion ng immediate supervisor ng biktima:
- Police report na naglalaman ng detalye ng insidente ng VAWC
- Medical certificate

---



## Maaari bang mag-avail ng VAWC leave ang ina ng batang biktima ng pang-aabuso 5

Ayon sa CSC Resolution No. 05-1206 dated August 25, 2005 at CSC Memorandum Circular No. 15, s. 2006, maaring maka-avail ng 10-day leave ang sinumang babaeng empleyado ng gobyerno na ang anak ay victim-survivor ng VAWC. Ang victim survivor ay dapat nasa 17 gulang pababa, o 18 gulang pataas ngunit hindi kayang alagaan ang sarili

---

## 6 Kailangan bang 10 magkakasunod na araw ang leave? Maaari bang i-extend ito ng higit sa sampung araw?


Maaaring gamitin ang leave nang magkakasunod o magkakahiwalay na araw, lalo na kung kinakailangan dumalo sa mga pagdinig sa korte.

Ayon sa Section 43 ng RA 9262, maaring i-extend ang leave kung kinakailangan, at kung nasasaad sa protection order mula sa Barangay o Korte. Gayunpaman, hindi na babayaran ang mga araw na lagpas sa 10-day period. Maari ding ibawas ang sobrang mga araw sa natitirang leave credits ng empleyado.



---


## Ang VAWC leave ba ay maaaring ipunin o ipalit sa pera? 7



Hindi ito maaaring ipunin at pagsama-samahin o ipalit sa pera. Itinuturing na itong "waived" kung hindi ito nagamit ng victim-survivor.

## 8 Kabilang na ba o karagdagan pa ito sa kasalukuyang leave benefits ng mga manggagawa?

Ang 10-day leave ay dagdag pa sa mandated leave benefits sa ilalim ng Labor Code, Civil Service Rules and Regulations, company policies at collective bargaining o negotiation agreements.




## Alam na kaya ito ng mga employers at pinuno ng ahensya? 9



Dapat lamang na alam ito ng mga heads of offices, supervisors, at HR officers dahil nakapaloob ang 10-day leave sa mga nabanggit na batas at policies. Nai-publish na rin ito sa mga dyaryo at nai-publicize na simula 2004.

Nakapaloob din ang impormasyon tungkol rito sa handbook na "Employers' Guide on Workers' Benefits Under Existing Laws" ng Department of Labor and Employment (DOLE), samantalang nilabas naman ng CSC Memorandum Circular No. 15, s. 2006 na naglalaman ng "Guidelines on the Availment of the 10-Day Leave Under RA 9262."

## 10 Paano kung hindi aprubahan ng employer ang VAWC leave?

Maaaring panagutin ng discrimination at paglabag sa RA 9262 at kaakibat na probisyon ng Labor Code ang mga employer sa pribadong sector na hindi magkaloob ng benepisyong ito. Sa government sector, mananagot sa salang "conduct prejudicial to the best interest of service" ang sino mang opisyal na hindi mag-aprub ng application for leave kahit nakalakip na rito ang protection order mula sa Barangay o Korte.




Ang pagpapatupad ng probisyong ito ng RA 9262 ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng DOLE Regional Director para sa mga nasa pribadong sector, at ng CSC para sa kawani ng pamahalaan.

Para sa karagdagang impormasyon o reklamo, makipag-ugnayan sa DOLE o CSC regional o field office sa inyong lugar.

CSC
Republic of the Philippines
CIVIL SERVICE COMMISSION
Para sa taumBAYAN


*References:*

*-RA 9262 Anti-Violence Against Women and Their Children Act and Implementing Rules and Regulations. (available at www.pcw.gov.ph)*

*-CSC MC No. 15, s. 2006*

*HANDBOOK Benepisyo ng mga Manggagawa Ayon sa Batas 2014*

*-Primer RA 9262 Batas Laban sa Karahasan sa Kababaihan at sa Kanyang Mga Anak. Saligan. April 2006*